

# ANG DRAFT NA PLANO NG LUGAR NG ISTASYONG RUPERT + RENFREW

HUNYO 2024






# Talaan ng mga Nilalaman

---

Pangkalahatang ideya . . . . .	1
Background at Konteksto . . . . .	2
Ano ang aming naririnig: Mga Espasyo at Mga Lugar . . . . .	3
Plano ng Vancouver . . . . .	4
Draft na Plano: Bahagi 1 - Plano sa Paggamit ng Lupa . . . . .	5
Mga Patakarang Nagpapahintulot sa Pag-rezone. . . . .	6
Draft na Plano: Bahagi 2 - Mga Pangunahing Patakaran . . . . .	7
Draft na Plano: Bahagi 3 - Mga Natukoy na Priyoridad sa Amenidad . . . . .	10
Mga Lugar ng Istasyon. . . . .	11
Still Creek Watershed . . . . .	17
Mga Lupain ng Pag-empleyo . . . . .	18
Mga Nayon. . . . .	19
Kulang na Gitna kasama ang Mga Multiplex na Lugar. . . . .	22
Balangkas na Pamublikong Realm na Framework . . . . .	23





# Ang Draft na Plano ng Lugar ng Istasyong Rupert + Renfrew

## Pangkalahatang ideya

Ang Draft na Plano ng Lugar ng Istasyon ng Rupert at Renfrew ay isang pananaw sa kung paano lalago at magbabago ang kapitbahayan sa susunod na 30 taon. Ang Draft na Plano ay binuo sa mga direksyon ng buong lungsod na nasa Vancouver Plan (2022) at iba pang mahahalagang patakaran ng Lungsod, input ng komunidad, at mga bagong regulasyon sa probinsiya.

Pinagsasama ng Draft na Plano ang isang Plano sa Paggamit ng Lupa at Mga Pangunahing Patakaran upang lumikha ng:

- Isang hanay ng mga bagong pagkakataon sa pabahay, kabilang ang bagong pag-upa sa merkado, pagpapaupa nang mababa sa merkado, at panlipunang pabahay
- Bagong lugar ng trabaho at mga pagkakataong pang-ekonomiya sa Mga Lupain ng Pag-empleyo.
- Mas kumpletong mga kapitbahayan – may mga bagong tindahan at serbisyo, mga pagpapahusay sa transportasyon, mga pampublikong espasyo (kabilang ang mga bagong plaza at pinahusay at pinalawak na mga parke), pangangalaga sa bata at iba pang amenidad – sa mga lugar ng istasyon at nayon
- Isang malusog at masiglang Still Creek na nagpapataas ng biodiversity at nagpapababa ng panganib sa baha.

## Mga Oportunidad sa Pakikipag-ugnayan

**Kumpletuhin ang aming survey bago ang Hulyo 31, 2024**

**Dumalo sa kaganapan:**

### Kaganapang Panglunsad


Sabado, Hunyo 29, 2024 | Renfrew Park Community Centre | 11:00 AM hanggang 3:00 PM

### Mga Kaganapang Open House

Miyerkules, Hulyo 03, 2024 | Thunderbird Community Centre | 6PM hanggang 8PM

Huwebes Hulyo 4, 2024 | Renfrew Park Community Centre | 6PM hanggang 8PM

Martes Hulyo 9, 2024 | Thunderbird Community Centre | 6PM hanggang 8PM





## Background at Konteksto

» Ang proseso ng Plano ng Lugar ng Istasyon ng Rupert at Renfrew ay nagpatuloy sa tatlong yugto ng aktibidad sa pagpapalano. Ang kasalukuyang yugto ay nakatuon sa paglikha ng:

- **Plano sa Paggamit ng Lupa** - mga oportunidad sa karagdagang pabahay, espasyo ng trabaho, mga tindahan at serbisyo, atbp.
- **Mga Pangunahing Patakaran** para sa iba't ibang paksa at lugar ng kapitbahayan.
- **Mga Natukoy na Priyoridad sa Amenidad**

» Limang pangunahing layunin ng Balangkas na Plano:

- **Panatilihin ang kasalukuyang lugar ng trabaho na malapit sa transit.** Ang Plano ay itinayo sa paligid ng ibang uri ng Lugar ng Istasyon na may pabahay na matatagpuang malayo sa dalawang istasyon at katabing Mga Lupain ng Pag-employo.
- **Lumikha ng Mga Kumpletong Kapitbahayan.** Ang Plano ay magdaragdag ng mga bagong tindahan, serbisyo at amenidad sa mga lugar ng istasyon at mga baryo sa kapitbahayan.
- **Pagandahin ang Still Creek:** Ang pagpapanumbalik at pagpapalawak ng pasilyo ng sapa ay magpapabuti sa lokal na greenspace at tirahan, mababawasan ang panganib sa baha, at susuporta sa paglago.
- **Protektahan ang Tubig sa Lupa:** Ang mga patakaran upang bawasan o alisin ang paradahan sa ilalim ng lupa ay magpapanatili sa pag-agos ng tubig sa lupa at muling magkarga sa Still Creek.
- **Maghatid ng Abot-kayang Pabahay at Pag-aalaga sa Bata:** Ang Plano ay nagbibigay ng mga insentibo upang lumikha ng mga kailangang pasilidad para sa pangangalaga ng bata, sa ibaba ng pagpapauya sa merkado at panlipunang pabahay.



### Public Engagement:

Sa pamamagitan ng dalawang yugto ng pakikipag-ugnayan, narinig namin mula sa mahigit 1,000 tao sa pamamagitan ng mga survey, open house, pop-up, at workshop. Sinabi sa amin ng komunidad ang tungkol sa:

- » Ang kahalagahan ng mga kulturang pag-aari tulad ng mga sentro ng komunidad at Frog Hollow Neighborhood House, at iba pang "puso" ng komunidad.
- » Ang pagnanais na protektahan at mapanatili ang mga natural na espasyo tulad ng Still Creek, Renfrew Ravine at mga parke sa lugar.
- » Ang pangangailangan para sa mas maraming pagpipilian sa pabahay at abot-kayang mga opsyon sa pabahay para sa mga pamilya at pagbabawas ng laki ng mga nakatatanda kabilang ang abot-kayang paupa at mga opsyon para sa mga nakatatanda na gustong tumanda sa lugar.
- » Ang pangangailangan para sa mas maraming lokal na espasyong tingian at suporta para sa pagpapanatili ng malalaking format na mga grocery store sa kahabaan ng Grandview Highway.
- » Ang hamon ng paglalakad at pagbibisikleta sa mga bahagi ng kapitbahayan.

Ipinaalam ng publiko ang lahat ng aspeto ng Balangkas na Plano.

### Timeline Ng Proyekto



Yugto 1 Kaganapang Pakikipag-ugnayan




Still Creek Festival (Nobyembre 2023)



# Ano ang aming naririnig: Mga Espasyo at Mga Lugar

Nagtanong kami tungkol sa mga espasyo at mga lugar na pinakamahalaga sa komunidad. Bumubuo ang mga direksiyon ng Draft na Plano sa feedback na ito, na may mga patakarang idinisenyo upang pahasayin at suportahan ang mahahalagang asset, pampublikong pasilidad at imprastruktura, habang tumutugon sa mga natukoy na isyu at pagkakataon.





## Plano ng Vancouver

Pinatutupad ang mga direksiyon sa paggamit ng lupa sa buong lungsod bilang bahagi ng Draft na Plano ng Rupert at Renfrew

Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod noong Hulyo 2022, ginagabayan ng Plano ng Vancouver ang pangmatagalang paglago ng lungsod sa isang sadyang paraan, na nililinaw kung saan magaganap ang paglago at pagbabago sa susunod na 30 taon at higit pa. Ito ay binuo sa pamamagitan ng isang malawak na proseso ng pagpapalano at malawak na nakabatay sa pampublikong pakikipag-ugnayan.

Sa puso ng plano ay tatlong **Mga Pundasyong Prinsipyo** at tatlong **Mga Malalaking Ideya**:


### Mga Pundasyong Prinsipyo

1. Pagkakasundo
2. Equity
3. Katatagan

### Mga Malalaking Ideya

1. Patas na Pabahay at Mga Kumpletong Kapitbahayan
2. Isang Ekonomiya para sa Lahat
3. Proteksiyon ng Klima at Mga Napanumbalik na Ecosystem

## Pananaw



Kasama sa Plano ang isang pamamaraan sa paggamit ng lupa sa buong lungsod at isang hanay ng mga sumusuportang patakaran na sumasaklaw sa mga paksa tulad ng pabahay, transportasyon, imprastruktura ng komunidad, ekolohiya, pampublikong espasyo, at higit pa. Ang plano ay nagtatakda ng mga pangkalahatang direksiyon para sa kung paano ihahatid ang paglago at pagbabago sa iba't ibang uri ng kapitbahayan, kabilang ang mga transit na lugar, mga sentro ng kapitbahayan at mga nayon.

Kumakatawan ang Pagpapalano ng Lugar sa isang mahalagang paraan ng pagpapatupad ng Plano ng Vancouver. Dahil ang bawat bahagi ng lungsod ay may mga natatanging aspeto, walang 'isang sukat na angkop sa lahat' na pamamaraan sa paglikha ng mga direksiyon para sa bawat kapitbahayan.

Sa Rupert at Renfrew, ang mahahalagang detalye sa konteksto – kabilang ang Still Creek, isang lugar na mataas ang tubig, at ang pagkakaroon ng mahahalagang lupain ng trabaho – ay nangangahulugang kailangang baguhin ang mga pangunahing direksiyon ng Plano ng Vancouver upang tumugon sa lokal na konteksto. Nangangahulugan ito ng mga pagbabago sa parehong lokasyon ng paglago at pagbabago sa hinaharap, pati na rin ang mga taas at densidad na nauugnay sa muling pagpapaunlad sa hinaharap.


Para sa higit pa sa pagpapatupad ng Plano ng Vancouver: <https://vancouver.ca/home-property-development/vancouver-plan.aspx>



# Draft na Plano: Bahagi 1 - Plano sa Paggamit ng Lupa

Paano at saan magbabago ang lugar sa susunod na 30 taon


Tinutukoy ng Mapa ng Paggamit ng Lupa ang mga pagkakataon para sa bagong pabahay, lugar ng trabaho, mga tindahan at serbisyo sa buong kapitbahayan. Ang bawat ari-arian ay may pagtatalaga na nagtatakda ng mga gamit at uri ng gusali na pinapayagan sa bawat ari-arian sa hinaharap. Ito ay nakabatay sa mga tipolohiya ng kapitbahayan ng Plano ng Vancouver, bagong batas ng Lalawigan, pagpepreserba sa Mga Lupain ng Pag-employo para sa mga pang-industriyang paggamit, pagprotekta sa Still Creek, mga lugar na may matataas na tubig sa lupa, mga natuklasan sa pampublikong pakikipag-ugnayan, at kasalukuyang mga paggamit. Nasa ibaba ang mga maikling paglalarawan ng bawat pagtatalaga:





**Tier 1:** Ang mga pinakamatataas na gusali ay matatagpuan sa mga lugar na ito. Ang mga tore ay maaaring mula sa 20 palapag hanggang 40 palapag (na may upa na mababa sa merkado). Tingnan ang board 13 para sa higit pang impormasyon.



**Tier 2:** Ang mga katamtamang taas na gusali ay matatagpuan sa mga lugar na ito. Ang mga tore ay maaaring mula sa 20 palapag hanggang 29 palapag (para sa pagpapaupa sa merkado). Tingnan ang board 14 para sa higit pang impormasyon.



**Tier 3:** Ang mga pinakamababa na gusali ay matatagpuan sa mga lugar na ito. Ang mga tore na hanggang 20 palapag ay papayagan. Tingnan ang board 15 para sa higit pang impormasyon.



**NawawalangGitnang kabilang ang Multiplex:** Ang mga mababang gusali ng apartment, townhouse, at multiplex ay papahintulutan sa mga lugar na ito. Tingnan ang mga board 19-21 para sa higit pang impormasyon.



**Mga Lupain ng Pag-employo:** Panatilihin ang mga lupain ng trabaho sa Grandview Boundary Mixed Employment na Lugar. Tingnan ang board 18 para sa higit pang impormasyon.

**Espesyal na lugar na may application:**  
 Ang 3200 E Broadway ay magpapahintulot sa ilang pabahay bilang bahagi ng pagsusulong ng mga layunin ng pagkakasundo ng Lungsod. Ang site ay sumasailalim sa prosesong pinangunahan ng MST para sa pangmatagalang benepisyo ng Nations.  
 Ang muling pag-develop ng Skeena Terrace ay magbibigay ng 1,928 yunit ng panlipunang pabahay kabilang ang mga live-work yunit para sa mga artist, tingiang espasyo, parke at lugar ng pagsasalo-salo ng komunidad.



## Draft na Plano: Mga Patakarang Nagpapahintulot sa Pag-rezone

Ang ilang mga site, sa oras ng muling pagpapaunlad, ay kailangang i-rezone dahil sa natatanging site o mga konsiderasyon sa proyekto. Kabilang sa mga site na ito ang, ngunit hindi limitado sa, mga social housing site, mga natatanging site, na may mga gamit na institusyonal at mga site sa labas ng Natukoy ng Lalawigan na mga Lugar na Nakatuon sa Transit. Ang mga lugar ay susuriin sa isang site-by-site batayanat maaaring magsama ng konsiderasyon para sa karagdagang taas upang makatulong sa posibilidad na matuloy ang proyekto.

### Panlipunang Pabahay:

Uunahin ng Lungsod ang pag-renew at paglikha ng 100% panlipunan, pansuporta o co-op na mga proyekto, sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng karagdagang taas, at/o mga unit sa pagpapaupa sa merkado sa isang case-to-case na batayan.

### Mga Natatanging Site:


Ang mga natatanging site, na 8,000 m<sup>2</sup> o higit pa, ay sasailalim sa karagdagang mga kinakailangan sa muling pagpapaunlad bilang bahagi ng proseso ng rezoning. Tinutukoy ng mga tauhan ang mga kinakailangang prioridad, sa isang site-by-site na batayan, isinasalang-alang kung ano ang nasa lugar ngayon, at mga pangangailangan sa lugar sa hinaharap. Maaaring kabilang sa mga kinakailangan ang pagpapanatili o pagdaragdag ng mga amenidad gaya ng abot-kayang pabahay, pangangalaga sa bata, mga paggamit sa kultura, at/o tingiang espasyo, atbp.

### Mga Pang-institusyong Paggamit:

Kabilang dito ang, ngunit hindi limitado sa, mga pasilidad ng pangangalaga ng bata, pasilidad ng pangangalaga sa komunidad, mga serbisyong panlipunan, at mga lugar na nagsisilbi sa komunidad. Kapag ang mga site na ito ay muling binuo, Ang Lungsod ay magsusumikap upang mapanatili ang mga umiiral nang institusyonal na paggamit, at suportahan ang mga pagkakataon upang madagdagan ang bilang ng mg institusyonal na paggamit kung saan posible.

### Mga Lugar na Nakatuon sa Transit (Mga TOA):

Pinahihintulutan ng lalawigan ang pag-rezone para sa mga lugar sa loob ng 800 m ng mga istasyon ng transit. Ang mga pagkakataong ito ay makukuha sa pamamagitan ng aplikasyon sa rezoning habang nakabinbin ang pag-apruba ng Konseho sa huling bahagi ng taong ito.





## Draft na Plano: Bahagi 2 - Mga Pangunahing Patakaran

Paghubog kung paano lalago at magbabago ang lugar ng Plano sa susunod na 30 taon

Ang ikalawang bahagi ng Draft na Plano ay Mga Pangunahing Patakaran. Ang mga ito ay inayos ayon sa paksa at sumusuporta sa pangkalahatang mga direksyon sa paggamit ng lupa.

### Pagsulong ng Pagkakasundo:

- » • Magpatuloy sa pakikipagtulungan sa mga Musqueam, Squamish at Tsleil-Waututh (MST) Nations upang ang Plano ay sumuporta sa mga prioridad, interes at mga kultural na kasanayan ng MST.
- » • Makipagtulungan sa Musqueam, Squamish at Tsleil-Waututh Nations para suportahan ang proyekto nila sa 3200 E Broadway, ang dating Liquor Distribution Centre. Mula sa MST:
  - Ang Nations ang mga orihinal na Tagabuo ng Lungsod. Bago ang kontak, nagkaroon ng umuunlad na ekonomiya at kultura sa lugar na ito - ang pag-unlad na ito ay nagbibigay ng pagkakataon na ipagpatuloy ang pamana na ito.
  - Ang lugar ay magiging isang malugod na lugar para sa lahat, na may halo ng mga bagong pampublikong espasyo, tahanan, tindahan, trabaho at mga amenidad.
- » Ipagpatuloy ang pakikipag-ugnayan sa mga katutubo sa lungsod at mga organisasyon sa lugar ng Plano upang suportahan ang hinaharap na espasyo at mga pangangailangan sa programming.support future space and programming needs.



### Paghahatid ng Pabahay:

- » Magdagdag ng magkakaibang mga opsyon sa pabahay sa Mga Lugar ng Istasyon at mga Nayon kabilang ang tinayo para sa layuning paupahan, mababa sa merkadong paupahan, panlipunang pabahay at pagmamay-ari ng bahay.
- » Hanapin ang mga matataas na gusali ng tirahan na pinakamalapit sa mga istasyon. Sa Mga Nayon, tiyakin na ang mga mababang gusali, halo-halong gamit na mga gusali ay nagdaragdag ng tingi na may mga opsyon sa pag-upa.
- » Gumamit ng mga insentibo upang bigyang-prioridad ang pag-upa sa merkado, pag-upa sa mibaba ng merkado (20% diskwento sa karaniwang upa sa buong lungsod), at mga proyektong panlipunang pabahay.
- » Pahintulutan ang mga panlipunan at co-op na proyekto sa pabahay saanman sa lugar ng plano. Magbigay ng mga insentibo upang suportahan ang pag-renew ng mga kasalukuyang lugar at pagpapalawak ng stock ng pabahay.
- » • Isama ang Pinahusay na Relokasyon ng Nangungupahan at Patakaran sa Proteksyon para sa lahat ng mga nangungupahan na nahaharap sa muling pagpapaunlad na may karapatan sa unang pagtanggap para sa mga yunit sa mga bagong gusali, mga top-up sa upa, o iba pang kabayaran.



### Pagprotekta sa Trabaho, Pagdaragdag ng Mga Lokal na Tindahan at Serbisyo:

- » Pangalagaan at pahasayin ang mga oportunidad na may kaugnayan sa trabaho sa mga lupain ng Pag-employo. Limitahan ang mga pagkakataon para sa pabahay. (Ang bagong tirahan sa Mga Lupain ng Pag-employo ay papayagan lamang sa 3200 E Broadway, kung saan sinusuportahan ng proyektong pinangungunahan ng MST ang pagsulong ng Rekonsilyason).
- » Pahintulutan ang malalaking gusali sa Mga Lupain ng Pag-employo na nagpapanatili ng mga pagkakataon para sa pagmamamupaktura at pamamahagi sa ground floor, habang nagbibigay ng pag-aayon para sa mga bagong, modernong gamit na pang-industriya at iba pang negosyo sa itaas na palapag.
- » Patuloy na payagan ang mga malalaking kahong grocery store sa Grandview Highway.
- » Palawakin ang mga tindahan at serbisyo sa buong Plano sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga bagong tingiang espasyo sa Mga Lugar ng Istasyon at sa Mga Nayon.
- » Suportahan ang mga pagsisikap sa buong lungsod na lumikha ng mga pagkakataon para sa mga bagong tindahan sa kanto sa mga lugar ng tirahan.





## Draft na Plano: Bahagi 2 - Mga Pangunahing Patakaran

Paghubog kung paano lalago at magbabago ang lugar ng Plano sa susunod na 30 taon



### Pamamahala sa Panganib sa Baha at Pagpapahusay at Pagprotekta sa Kalusugan ng Still Creek Watershed:

- » Pagpapanumbalik ng Still Creek at palawakin ang pasilyo ng sapa (sa pagitan ng Boundary at Nootka) upang makatulong na pamahalaan ang pagbaha sa Mga Lupain ng Pag-employo, at mapahusay ang tirahan ng mga isda at wildlife at pag-access ng komunidad sa kalikasan.
- » I-regulate ang pag-unlad upang mapanatili ang mga daloy ng tubig sa lupa patungo sa Still Creek sa pamamagitan ng paglilimita sa pagparada sa ilalim ng lupa sa mga lugar na may mataas na tubig sa lupa, paglilimita sa paradahan sa ilalim ng lupa sa mga lupaing pinagtatrabahuhan at paglikha ng Sona ng Proteksiyon ng Tubig sa Lupa.
- » Palakihin ang biodiversity sa pamamagitan ng paggalugad ng mga pagkakataon para sa mga ekolohikal na pasilyo, na muling inilalaan ang karapatan ng mga daan para sa mga natural na espasyo, simula sa Nootka at Skeena Streets.

### Pagsuporta sa Imprastruktura ng Komunidad:

- » Palitan at palawakin ang Renfrew Park Community Center at Frog Hollow Neighborhood House. Timeline ng paghahatid, pagpopondo at potensyal na mga pagkakataon sa pakikipagsosyo ng senior government na isasaalang-alang sa pamamagitan ng isang bagong balangkas ng pamumuhunan sa imprastruktura sa buong lungsod.
- » Galugarin ang mga oportunidad upang suportahan ang komunidad sa pamamagitan ng pag-co-locating ng mga pampublikong espasyo at iba pang pampublikong amenidad sa larangan.
- » Palawakin ang buong araw na pangkat ng pangangalaga sa bata sa buong Plano. Gumamit ng mga insentibo tulad ng pagbibigay-daan sa mas mataas na taas at densidad upang ma-secure ang mga pasilidad sa tirahan o pang-industriya na pag-unlad.
- » Suportahan ang pagpapanatili ng mga gamit sa institusyon tulad ng mga non-profit at mga puwang na naglilingkod sa komunidad: gawin ang lahat ng pagsisikap na panatilihin ang mga puwang na ito kung ang kanilang mga site ay muling binuo; maghanap ng mga pagkakataon upang lumikha ng mga bagong espasyo, kung posible.



### Mga Kumpletong Kalye at Mga Bumuting Koneksyon:

- » Suportahan ang ligtas at komportableng paglalakbay para sa lahat ng mga mode na may pinahusay na koneksyon sa mga pangunahing destinasyon tulad ng mga sentro ng komunidad, paaralan, mabilis na istasyon ng transit, parke, at tingiang kalye.
- » Gawin ang Broadway, East 22nd Avenue, Rupert, at Renfrew Streets sa mga kumpletong kalye. Maaaring kabilang dito ang mga aktibong daanan sa paglalakbay, mas malalawak na bangketa, mga lugar para sa patio at upuan, at mga puno sa kalye sa pamamagitan ng repurposing na espasyo sa kalsada o karagdang mga pag-urong.
- » Palawakin ang Greenway Network kasama ang pagdaragdag ng Eastside Crosscut (sa kahabaan ng Lillooet at Nootka Street), E 2nd Avenue, E 5th Avenue, 17th/18th Avenue, Skeena-Cassiar, sa kahabaan ng Still Creek, at mga upgrade sa Central Valley Greenway.
- » Pahusayin ang pag-access at pagkonekta sa pamamagitan ng mga bagong bangketa, mga bagong signal ng pedestrian/bisikleta, at mga na-upgrade na signal sa mga pangunahing interseksyon.
- » Makipagtulungan sa mga stakeholder upang pahusayin ang mga kasalukuyang tawiran ng tren sa Rupert, Renfrew, Kaslo, at Slocan, at ituloy ang mga bagong tawiran ng tren sa Nootka at Skeena.





## Draft na Plano: Bahagi 2 - Mga Pangunahing Patakaran

Paghubog kung paano lalago at magbabago ang lugar ng Plano sa susunod na 30 taon

### Espasyo para sa Sining at Kultura

- » Tiyaking walang mawawala sa mga umiiral na espasyo sa sining at kultura (tulad ng mga studio, at mga espasyo sa produksyon) sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga insentibo upang payagan ang kanilang pagpapanatili at potensyal na pagpapalawak.
- » Suportahan ang mga bagong espasyo ng sining, kultura, musika, at pelikula, sa loob ng Mga Lupain ng Pag-employo, sa mga natatanging site, sa mga sentro ng komunidad, at iba pang non-profit o pribadong pag-aari na mga espasyo. Unahin ang mga lokal-na-nagsisilbing sining at mga organisasyong pangkultura sa mga espasyong ito.
- » Payagan ang studios para sa mga artista sa mga tindahan para isuportahan ang mga lokal artista, manggawa, at mga organisason na sining at kultura
- » Suportahan ang mga pampublikong proyekto na sining, magkasama sa mga lokal na artist at mga organisasyon
- » Suportahan ang abot-kayang pabahay para sa mga artista na may kasamang studios



### Mga lugar kung saan maglalaro at magsasama-sama:

- » Pagandahin ang mga parke, kabilang ang isang bagong spray park sa Renfrew Park at isang bagong synthetic turf field sa Beaconsfield Park, at galugarin ang pagkuha ng bagong lupa para sa parke sa mga lugar na kulang sa parke.
- » Palawakin ang mga natural na lugar at lumikha ng mga node ng pagsasalo-salo sa paligid ng Renfrew Ravine at Still Creek upang mapabuti ang biodiversity, protektahan ang mga dalisdis ng bangin at dagdagan ang access sa kalikasan.
- » Suportahan ang mga pagkakataong magbigay ng imprastruktura ng kaganapan para sa mga pagdiriwang ng komunidad at kultura sa mga pampublikong bukas na espasyo at mga pribadong-pag-aaring pampublikong espasyo.
- » Magpakilala ng Patakaran sa Solar Access upang limitahan ang mga taas ng gusali na malapit sa mga parke at bakuran ng pampublikong paaralan upang mabawasan ang mga epekto ng pagtatatag at pagbutihin ang access sa sikat ng araw.
- » Gumawa ng mga espasyo para sa pagtitipon at pakikisalamuha kabilang ang espasyo para sa mga patio, mga bagong pampublikong plaza, mga lugar ng upuan at ang paglikha ng mga bagong pampublikong espasyo bilang bahagi ng mga pribadong pagpapaunlad.
- » Galugarin ang mga pagkakataon upang mahanap ang mga permanenteng pampublikong plaza sa loob ng mga lugar ng nayon habang nagaganap ang muling pag-unlad at pagtaas ng paggamit ng retail sa ground-level.





# Draft na Plano: Bahagi 3 - Mga Natukoy na Priyoridad sa Amenidad


Pagsuporta sa mga priyoridad ng komunidad at pag-renew ng pampublikong imprastruktura.

Karaniwang pinopondohan ang mga imprastruktura at amenidad mula sa kumbinasyon ng mga buwis sa ari-arian/mga bayarin sa utility, mga kontribusyon sa pagpapaunlad, at pagpopondo ng nakatataas na pamahalaan. Karamihan sa mga pinagmumulan ng pagpopondo ay likas sa buong lungsod ngunit ang ilan ay mas partikular sa kapitbahayan (hal. Mga Kontribusyon sa Amenidad ng Komunidad, Pag-bonus sa Densidad). Noong Taglagas ng 2023, nagkaroon ng bisa ang bagong batas ng probinsya na higit pang maglilipat sa pagpopondo ng mga imprastruktura at amenidad na nauugnay sa paglago sa isang mas malawak na pamamaraan sa lungsod.

Ang mga sumusunod na priyoridad na pamumuhunan mula sa Planong ito ay isasaalang-alang bilang bahagi ng Pang-buong Lungsod na Balangkas ng Puhunan sa Imprastruktura:

- **Abot-kayang pabahay:** mababa sa merkadong paupahan, paupahan ng merkado, panlipunan, at pansuportang pabahay. (Pinondohan sa pamamagitan ng densidad na pagbonus at mga pakikipagsosyo sa senior government)
- **Imprastruktura:** kabilang ang pag-upgrade ng tubig at imburnal, pamamahala ng tubig, pampublikong espasyo at mga pagpapabuti sa transportasyon. (Pinondohan sa pamamagitan ng pang-buong-lungsod na Mga Gastos na Singil sa Pag-unlad at mga pakikipagsosyo sa senior government).
- **Mga Serbisyon Ekolohikal:** kabilang ang pagpapahusay at papapanumbalik ng Still Creek, imprastruktura at pamamahala ng tubig-bagyo at mga pag-upgrade ng parke. (Pinondohan sa pamamagitan ng pang-buong-lungsod na Mga Gastos na Singil sa Pag-unlad at mga pakikipagsosyo sa senior government).
- **Imprastruktura ng Komunidad:** Pag-renew at pagpapalawak ng Renfrew Park Community Center, at suporta para sa pag-renew at pagpapalawak ng Frog Hollow Neighbourhood House. (Bukod sa pagpopondo sa buong lungsod, ang mga pakikipagsosyo ng Nakatataas na lalawigan ay tutuklasin din).

Ang pagpopondo, timing at paghahatid ng mga amenidad ay napapailalim sa mga proseso ng pagpapalano sa pananalapi at kapital sa buong lungsod. Ang mga ito ay hiwalay sa anumang mga pagbabago sa paggamit ng lupa na nakabalangkas sa Draft na Plano.






# Mga Lugar ng Istasyon


Ang kapitbahayan ay may dalawang istasyon ng transit, at ilang mga natatanging elemento

Ang Draft na Plano ay itinayo sa paligid ng ibang uri ng lugar ng istasyon: na may mahalagang Mga Lupain ng Pag-employo at Still Creek na katabi ng transit, ang bagong pabahay ay dapat bahagyang mas malayo.

Gumagamit ang Draft na Plano ng isang tiered na pamamaraan taas at densidad: Inilalagay ng Tier 1 ang mga matataas na gusali na may pinakamaraming pabahay na pinakamalapit sa mga istasyon. Ang mga Tier 2 at 3 ay matatagpuan sa malayo mula sa istasyon na may katamtaman at mas mababang taas ng gusali.



Ang pagpapalawak ng Still Creek na pasilyo at pagpapanumbalik ay nangangailangan ng pagbili ng karagdagang lupain habang ang mga ari-arian sa Mga Lupain ng Pag-employo ay muling dine-develop.



Tumaas na aktibidad sa industriya at paglikha ng trabaho sa Mga Lupain ng Pag-employo at magpapahintulot sa mga negosyo na makinabang mula sa kalapitan sa mga rehiyonal na network ng transportasyon.




## Mga Bagong Panlalawigang Regulasyon at Inaatas

Noong 2023, ipinakilala ng Lalawigan ng BC ang bagong lehislyasyon na may layuning mas mabilis na maitayo ang mga bahay. Ang Bill 47 ay nagtatalaga ng “Mga Lugar na Naka-orient sa Transit” sa loob ng 800 metro ng mga SkyTrain Station at kasama ang mga alituntunin sa pag-unlad na may pinakamababang mga kinakailangan sa taas:

- 20 palapag sa loob ng 200 m Tier
- 12 palapag sa loob ng 400 m Tier
- 8 palapag sa loob ng 800 m Tier

Karamihan sa mga lugar sa 200 m Tier ay hindi kasama sa mga regulasyong ito dahil ang mga ito ay nasa Mga Lupain ng Pag-employo, sa plain ng pagbaha, o sa tabi ng Still Creek. **Para maihatid ng Draft na Plano ang pagkakaiba-iba ng mga uri ng pabahay at panunungkulan na ipinahayag ng publiko at inaasahan ng isang “Lugar na Nakatuon sa Transit”, ang mga kinakailangan ng panlalawigang densidad ay dapat lumampas.** Nangangahulugan ito na ang mga taas ng gusali sa lahat ng mga tier ay nadagdagan at ang ilang mga distansya mula sa mga istasyon ay naayos.



For illustration only, not to be relied upon for accuracy.

Legend

- Riles para sa pasahero
- Lugar na malapit sa pampublikong transportasyon
- Ari-arian
- Tier na 200 metro
- Tier na 400 metro
- Tier na 800 metro
- Ari-arian na nasa tier 200 metro
- Ari-arian na nasa tier 400 metro
- Ari-arian na nasa tier 800 metro

0 200 400 Metres


Ang pagbubukod ay nasa loob ng 800 m Tier kung saan ang Draft na Plano ay nagpapahintulot para sa 6 na palapag na gusali at ang Lalawigan ay nagpapahintulot para sa 8 palapag na gusali. Para sa mga lugar na ito ang pagbuo ng isang 8 palapag na gusali ay paganahin sa pamamagitan ng isang aplikasyon sa pag-rezone.



# Mga Lugar ng Istasyon

Mga pagkakataon para sa paglago at pagbabago sa Rupert at Renfrew Stations


Mga Lugar ng Istasyon, sa loob ng 10 minutong lakad mula sa mga istasyon ay kung saan ang karamihan sa paglaki at pagbabago ay magaganap sa susunod na 30 taon, na ginagawang kumpletong mga kapitbahayan ang mga lugar na ito:



Ang mga bagong pagpipilian sa pabahay, mga tindahan at serbisyo at mga pampublikong espasyo ay lilikha ng mga pagkakataon para sa kumpletong mga kapitbahayan malapit sa mga istasyon.




Ang muling pag-develop ng Skeena Terrace ay magbibigay ng 1,928 yunit ng panlipunang pabahay kabilang ang mga live-work yunit para sa mga artist, tingiang espasyo, parke at lugar ng pagsasalo-salo ng komunidad.



**LEGEND**

- Hanggang 40 na palapag
- Hanggang 25 na palapag
- Hanggang 20 na palapag
- Hanggang 6 na palapag
- Mataas na tubig sa lupa
- Zona para sa proteksyon ng tubig sa lupa
- Halo-halong gamitin ng lupa



## Mga Tampok ng Lugar ng Istasyon:

- Gumawa ng mga kumpletong kapitbahayan sa paligid ng mga istasyon: nang may mas maraming pagpipilian sa pabahay, mga tindahan at serbisyo, pampublikong sining, at mga plaza at pampublikong espasyo.
- Gumamit ng mga insentibo, kabilang ang mas marami pang taas at mga yunit ng pabahay, upang maghatid ng mga unit sa pag-upa sa ibaba ng merkado at buong-araw na grupo ng pangangalaga sa bata.
- Panatiliin na ang tubig sa lupa ay dumadaloy sa Still Creek sa pamamagitan ng paglimita sa nasa ilalim ng lupang paradahan at nasa ilalim ng lupang mga istraktura.
- Pagbutihin ang kaligtasan at kapasidad ng mga kasalukuyang tawiran ng tren para sa mga nagbibisikleta at mga pedestrian. Gumawa ng mga bagong koneksyon sa paglalakad at pagbibisikleta sa mga istasyon at pagandahin ang pampublikong realm na may mas malalawak na bangketa at mga puno sa kalye.
- Isulong ang Rekonsilyasyon sa pamamagitan ng pagsuporta sa proyektong pinamumunuan ng MST sa 3200 E Broadway at pagbibigay ng panlipunang pabahay sa Skeena Terrace.






# Mga Oportunidad sa Pabahay: Tier 1 (Hanggang 40 na palapag)


Mga pagkakataon para sa pagiging abot-kaya ng pabahay sa gitna ng Lugar ng Plano

Inilalagay ng Tier 1 ang mga matataas na gusali (hanggang 40 palapag) na pinakamalapit sa mga istasyon. Ang mga insentibo upang suportahan ang mga yunit sa ibaba ng paupahan ng merkado at mga pasilidad sa pangangalaga ng bata ay ibinibigay, at ang mga lugar na may mataas na tubig sa lupa ay sasailalim sa mga karagdagang regulasyon.



## Mga bagong pagkakataon sa Pabahay sa Tier 1:

Papayagan ng Tier 1 ang mga gusaling may pinakamaraming yunit ng pabahay. Bilang karagdagan, kakailanganin ng mga proyekto na magbigay ng iba't ibang amenidad tulad ng mababa sa merkadong paupahan, pangangalagasa bata, paupahan ng merkado, o Kontribusyon sa Amenidad ng Komunidad. Ang mga Tier 1 na site ay kadalasang hinahamon ng mataas na tubig sa lupa na maaaring magpataas ng mga gastos sa konstruksyon. Ang paradahan sa ilalim ng lupa ay magiging limitado at ang espesyal na disenyo ng pundasyon ay kinakailangan upang mapanatili ang daloy ng tubig sa lupa sa Still Creek upang suportahan ang kalusugan ng sapa. Ang lahat ng opsyon sa tore ay nangangailangan ng mga lugar na hindi bababa sa 150 m ang haba, na nangangahulugang kakailanganin ang mga assembly ng lote para sa karamihan ng mga proyekto.




\* Para sa mga lugar na hindi nakakatugon sa mga kinakailangan para sa mga opsyon sa itaas, ang mga Missing Middle na proyekto mula sa 6 na palapag na apartment hanggang multiplex ay papayagan.



# Mga Oportunidad sa Pabahay: Tier 2 (Hanggang 25 na palapag)


Pagkakataon para sa mga bagong pagpipilian sa pabahay sa loob ng 10 minutong lakad mula sa Mga Lugar ng Istasyon

Matatagpuan nang bahagya sa malayo mula sa mga istasyon, ang Tier 2 ay lumilikha ng mga pagkakataon para sa pabahay (hal. mga gusali mula 20 hanggang 29 na palapag) at may kasamang mga insentibo para sa mga mas mababa sa merkadong yunit ng paupahan o mga pasilidad sa pangangalaga ng bata, kasama ang mga karagdagang regulasyon para sa mga lugar na may mataas na tubig sa lupa.



## Mga bagong pagkakataon sa Pabahay sa Tier 2:

Sinusuportahan ng Tier 2 ang mga opsyon sa katamtamang taas, ngunit hindi lahat ay mabubuhay sa mga lugar na may mataas na tubig sa lupa. Ang paradahan sa ilalim ng lupa ay magiging limitado at ang espesyal na disenyo ng pundasyon ay kinakailangan upang mapanatili ang daloy ng tubig sa lupa sa Still Creek upang suportahan ang kalusugan ng sapa. Ang karagdagang taas at mga yunit ng pabahay ay ibibigay sa matataas na tubig sa lupa upang mabawi ang mga hamon ng pagtatayo sa mga kundisyong ito. Ang mga lugar ay dapat hindi bababa sa 150m ang haba upang mabuo sa mga opsyong ito, ibig sabihin, kakailanganin ang mga assembly ng lote para sa karamihan ng mga proyekto.




\* Ang karagdagang taas at densidad na kinakailangan upang mabawi ang mga gastos sa pagbuo ng mga proyekto na may ganitong mga amenidad sa mga lugar na may mataas na tubig sa lupa ay hindi tugma sa mga katamtamang taas na pinahihintulutan sa Tier 2.

\*\* Para sa mga lugar na hindi nakakatugon sa mga kinakailangan para sa mga opsyon sa itaas, ang mga Missing Middle na proyekto mula sa 6 na palapag na apartment hanggang multiplex ay papayagan.




# Mga Oportunidad sa Pabahay: Tier 3 (Hanggang 25 na palapag)

Pagkakataon para sa mga bagong pagpipilian sa pabahay sa loob ng 10 minutong lakad mula sa Mga Lugar ng Istasyon  
 Matatagpuan sa gilid ng Mga Lugar ng Istasyon, ang Tier 3 ay magsasama ng mga pagkakataon para sa mas mababang taas (mula 20 hanggang 29 na palapag).



## Mga bagong pagkakataon sa Pabahay sa Tier 3:

Kasama sa Tier 3 ang dalawang opsyon sa tore: (1) para sa layunin na pinapaupahang gusali o (2) strata na may Community Amenity Contribution (CAC). Ang ilang mga lugar sa tier na ito ay hinahamon ng mataas na tubig sa lupa na magpapataas ng mga gastos sa pagtatayo. Ang paradahan sa ilalim ng lupa ay magiging limitado at ang espesyal na disenyo ng pundasyon ay kinakailangan upang mapanatili ang daloy ng tubig sa lupa sa Still Creek upang suportahan ang kalusugan ng sapa. Ang mga lugar ay dapat hindi bababa sa 150m ang haba upang mabuo sa mga opsyong ito, ibig sabihin, kakailanganin ang mga assembly ng lote para sa karamihan ng mga proyekto.





## Tubig sa Lupa at Pag-develop

Pagprotekta sa Still Creek, pamamahala ng tubig sa lupa at pagsuporta sa pag-unlad

Sa ilalim ng kapitbahayan, ang tubig sa lupa ay matatagpuan malapit sa ibabaw. Pinapanatili ng tubig sa lupa ang pag-agos ng Still Creek sa tag-araw. Dahil dito, kailangan ang mga regulasyon sa pamamahala ng tubig sa lupa. Sinusuportahan ng mga regulasyong ito ang pagpapanatiling malayang dumadaloy ang tubig sa lupa upang muling magkarga ng Still Creek sa pamamagitan ng paglilimita sa mga istruktura sa ilalim ng lupa, partikular sa mga parke.

### Sona ng Proteksiyon ng Tubig sa Lupa:

Mga regulasyon para sa mga site na pinakamalapit sa Still Creek:

- Payagan ang paradahan sa itaas ng lupa
- Mga limitasyon sa mga istruktura sa ilalim ng lupa, hal. paradahan
- Nangangailangan ng mga espesyal na disenyo ng pundasyon, hal. mga may tangke na pundasyon
- Maaaring mangailangan ng pagsubaybay sa tubig sa lupa
- Galugarin ang karagdagang taas at densidad upang mabawi ang tumaas na mga gastos sa pag-develop

### Mga Lugar ng Mataas ang Tubig sa Lupa:


Para sa lahat ng iba pang mga site sa mga lugar na mataas ang tubig sa lupa:

- Payagan ang paradahan sa itaas ng lupa
- Nangangailangan ng mga espesyal na disenyo ng pundasyon, hal. mga may tangke na pundasyon
- Maaaring mangailangan ng pagsubaybay sa tubig sa lupa
- Galugarin ang karagdagang taas at densidad upang mabawi ang tumaas na mga gastos sa pag-develop


### Mga Opsyon sa Paradahan sa Itaas ng Lupa:

Ang mga opsyon sa paradahan ay tutugon sa mga kondisyon ng site:

- Ang mga lugar ng tore na may mataas na tubig sa lupa ay nakakagawa ng maximum na dalawang palapag na paradahan sa ilalim ng lupa na may paradahan sa itaas ng lupa
- Ang mga nawawalang gitnang lugar na may mataas na tubig sa lupa ay maaari lamang magtayo ng paradahan sa ibabaw ng lupa
- Ang mga lugar na may normal na kondisyon ng tubig sa lupa ay maaaring magtayo gaya ng dati



### Mataas na Tubig sa Lupa at Paradahan:





# Still Creek Watershed

Lugar para sa matatag na paglaki sa pamamagitan ng pagpapanumbalik ng Still Creek at pagpapalawak ng pasilyo ng sapa sa pagitan ng Boundary at Nootka

Inuuna ng Draft na Plano ang Still Creek, na sa pamamagitan ng pagpapanumbalik at pagpapalawak ng pasilyo ng sapa ay makakatulong sa pamamahala ng tubig-bagyo at protektahan laban sa pagbaha sa pamamagitan ng pagbababad sa ulan, at paggawa ng espasyo para sa malayang pagdaloy ng tubig. Susuportahan nito ang paglago sa Mga Lupain ng Pag-empleyo at Mga Lugar ng Istasyon habang nagbibigay ng tirahan para sa mga isda, ibon, at iba pang wildlife.



**Plano sa Pagpapanumbalik at Pagpapaganda ng Still Creek**  
Renfrew Street papuntang Boundary Road

## Mga Tampok ng Still Creek:

- Mas malawak na sapa at koridor ng riparian na nagpapababa ng panganib sa pagbaha sa mga ari-arian.
- Pag-alis ng mga alkantarilya upang mapanumbalikang sapa at magdagdag ng bagong tirahan sa sapa.
- Disenyo na matatag sa pagbaha, epektibong namamahala sa tubig-bagyo at nagpapaganda ng kalidad ng tubig.
- Galugarin ang mga pagkakataong pahasayin ang koneksyon sa pagitan ng Still Creek at Renfrew Ravine sa pamamagitan ng mga ekolohikal na pasilyo, simula sa Nootka at Skeena Streets, na muling maglalaan ng mga bahagi ng mga karapatang iyon para sa mga natural na espasyo.
- Pagbutihin ang biodiversity at ekolohikal na kalusugan sa watershed.
- Pagkakataon upang mapabuti ang pag-access sa kalikasan sa loob ng kapitbahayan at magbigay ng maliliit na lugar ng upuan para sa paggamit at pahinga ng komunidad.
- Bagong multi-use pathway at mga koneksyon sa Eastside Crosscut Greenway.
- Patuloy na suportahan ang pangangasiwa at pangangalaga ng komunidad sa tabi ng sapa.



Halimbawang danaan para sa pedestri-ans, bisikleta (multi-use pathway)








# Mga Lupain ng Pag-empleyo

Pagpapalakas sa Mga Lupain ng Pag-empleyo ng Grandview-Boundary at pagdami ng mga trabaho.

Ang Mga Lupain ng Pag-empleyo ng Grandview-Boundary ay isang mahalagang sentrong pang-industriya na nakikinabang sa koneksyon nito sa rehiyonal na network ng transportasyon. Kasama sa vision para sa kinabukasan ng Mga Lupain ng Pag-empleyo ang:



Payagan ang karagdagang densidad para sa mga pang-industriyang pagpapaunlad upang suportahan ang pagpapalawak ng negosyo habang tinutugunan ang mga paghamon tulad ng mataas na tubig sa lupa, ang pasilyo ng Still Creek at mga kinakailangang pag-urong ng riles.



**LEGEND**

- 5.0 FSR espasyo para sa trabaho (kasama ng 2.0 FSR industriyal)
- 3.5 FSR espasyo para sa trabaho (kasama ng 1.0 FSR industriyal)
- 3.0 FSR espasyo para sa trabaho (kasama ng 2.0 FSR industriyal)
- Mataas na tubig sa lupa
- Zona para sa proteksyon ng tubig sa lupa

## Mga Tampok ng Lupain ng Pag-empleyo:

- Suportahan ang industriya at mga trabaho sa pamamagitan ng hindi pagpapahintulot sa pagpapaunlad ng tirahan.
- Hikayatin ang mas malalaking pang-industriya na gusali na may mas bagong modernong pang-industriya na gamit sa itaas na palapag, at mas malalaking floor plate para suportahan ang mga negosyo sa pagmamanupaktura at pamamahagi sa ground floor.
- Limitahan ang paradahan sa ilalim ng lupa upang protektahan ang Still Creek at mga daloy ng tubig sa lupa.
- Suportahan ang mga bagong pasilidad sa pangangalaga ng bata sa mga gusaling pang-industriya at opisina
- Magbigay ng insentibo sa mga bagong studio ng sining o espasyo ng produksyon, at panatilihin ang mga kasalukuyang espasyo ng sining at kultura.
- Magdagdag ng mga puno sa kalye at mga naka-landscape na setback upang matugunan ang kakulangan ng mga puno at halaman
- Suportahan ang malalaking format na mga grocery store sa kahabaan ng Grandview Highway, kasama ang bagong tingian na malapit sa mga istasyon at mga pangunahing interseksyon.

## Mga Modernong Industriyal na Paggamit:






# Mga Nayon

Pagpapalawak ng mga tindahan at serbisyo na malapit sa puso ng komunidad

Ang mga nayon ay mas maliliit na lugar ng tingian at paggamit ng komunidad. Ang mga lugar na ito ay makakakita ng mga pagkakataon para sa bagong pabahay, tingian, pampublikong espasyo, at mga amenidad. May tatlong Nayon na tinukoy sa Draft na Plano: 1st at Renfrew at dalawang konektadong Nayon sa kahabaan ng 22nd sa Renfrew at Rupert. Ang pagpapalano sa kahabaan ng hilagang kanlurang hangganan ay tumutugon din sa mga iminungkahing Nayon sa kahabaan ng Nanaimo Street sa 1st at Broadway.



1st Avenue Village high street: bagong tingian na nagsisilbing lokal na may pinaghalong opsyon sa pagpapaupa at strata pabahay kabilang ang 6 na palapag na apartment, townhouse at multiplex.



22nd Avenue: Mula sa Rupert papuntang Renfrew

## Mga Tampok ng Nayon:

- Mga bagong pinaghalong paggamit na pag-unlad: hanggang 6 na palapag na mga apartment sa pagpapaupa sa merkado na may 20% na mas mababa sa mga unit ng pagpapaupa sa merkado.
- Suporta para sa mga umuupa sa pamamagitan ng Enhanced Tenant Protection and Relocation Policy kung muling magde-develop ng mga ari-arian.
- Mga tindahan at serbisyonag nagsisilbi sa lokal na maaaring isama ang mga grocery store, botika, salon, cafe, art studio, o tindahan sa kanto.
- Palawakin at palitan ang mahahalagang pasilidad ng sibiko at komunidad: Renfrew Park Community Center at Frog Hollow Neighborhood House.
- Magdagdag ng bagong espasyo sa parke at pagbutihin ang mga dati, tulad ng pagpapalit ng Renfrew Park Wading Pool ng bagong spray park.





## Mga Nayon: 1st Avenue sa Renfrew


Lumikha ng mga kumpletong kapitbahayan para suportahan ang mga puso ng ating komunidad



### Mga Tampok ng 1st Avenue Village:

- Mga bagong mixed-use development sa kahabaan ng Renfrew Street na may 6 na palapag na mixed-use paupahan ng merkadong apartment na kinabibilangan ng 20% na mas mababa sa merkadong paupahang mga yunit.
- Ang mga bagong pagkakataon sa pabahay sa mga kalye na nakapalibot sa Renfrew ay magkakaroon ng halo ng nawawalang mga opsyon sa gitna, kabilang ang 6 na palapag na paupahan ng merkadong apartment, 4 na palapag na strata, townhouse o multiplex.
- Suporta para sa mga umiiral na umuupa sa pamamagitan ng Enhanced Tenant Protection and Relocation Policy kung muling magde-develop ng mga ari-arian.
- Mga pagkakataon para sa mga bagong nagsisilbi sa lokal na tindahan at serbisyo upang gawing mas madaling ma-access ang mga pang-araw-araw na pangangailangan (hal. mga grocery store o parmasya, salon, cafe, art studio, delis o restaurant).
- Karagdagang pagtatasa ng mga pagkakataon upang magdagdag ng bagong espasyo sa parke o palawakin ang mga umiiral na. Mga potensiyal na pagpapahusay sa palaruan sa Clinton at Sunset Parks.
- Baguhin ang Renfrew sa isang kumpletong kalye na may protektadong bike lane at mga bago o na-upgrade na signal.
- Galugarin ang mga pagkakataon upang muling itataga ang espasyo sa kalsada para sa mga bagong plaza at pampublikong espasyong madaling gamitin sa mga tao upang suportahan ang pagtitipon, pakikisalamuha, pagpapahinga at mga kaganapan sa mga puso ng komunidad.

### Mga Opsyon sa Pabahay ng 1st Avenue Village:



#### LEGEND

- Hanggang 6 na palapag
- Multiplex
- Mataas na tubig sa lupa
- Halo-halong gamitin ng lupa

### Frog Hollow Neighbourhood House:


Ang pagsuporta sa pag-renew at pagpapalawak ng Frog Hollow Neighborhood House ay isang tinukoy na priyoridad ng plano.

Ang mga pagsisikap sa pag-renew sa hinaharap ay dapat na suportahan sa pamamagitan ng mga proseso ng pagpopondo sa buong lungsod at iba pang pinagmumulan ng pagpopondo. Ang pondong ito ay hindi pa natukoy at ang isang timeline para sa pag-renew at pagpapalawak ay hindi pa nakatakda. Ang Lungsod ay patuloy na gumagawa tungo sa isang buong lungsod na pamamaraan para sa pagpopondo sa mga proyektong pang-imprastruktura ng komunidad.



## Mga Opsyon sa Pabahay ng 1st Avenue Village

Lumikha ng mga kumpletong kapitbahayan para suportahan ang mga puso ng ating komunidad



### Mga Tampok ng 22nd Avenue Village:

- Mga bagong mixed-use development sa kahabaan ng 22nd Avenue, Rupert at Renfrew Streets na may 6 na palapag na mixed-use paupahan ng merkadong apartment na kinabibilangan ng 20% na mas mababa sa merkadong paupahang mga yunit.
- Mga lugar na nakapaligid sa mga high street ay magkakaroon ng halo ng nawawalang mga opsyon sa gitna, kabilang ang 6 na palapag na paupahan ng merkadong apartment, 4 na palapag na strata, townhouse o multiplex.
- Suporta para sa mga umiiral na umuupa sa pamamagitan ng Enhanced Tenant Protection and Relocation Policy kung muling magde-develop ng mga ari-arian.
- Mga pagkakataon para sa mga bagong nagsisilbi sa lokal na tindahan at serbisyo upang gawing mas madaling ma-access ang mga pang-araw-araw na pangangailangan (hal. mga grocery store o botika, salon, cafe, art studio, delis o restaurant).
- Mag-install ng bagong spray park para palitan ang wading pool ng Renfrew Park.
- Mga pagpapabuti sa kalye sa kahabaan ng 22nd Avenue kabilang ang mga bagong pampublikong upuan at patio at pagpapanatili ng mga kasalukuyang puno ng kalye. Mga pinahusay na koneksyon sa pamamagitan ng Eastside Crosscut Greenway sa Nootka.
- Panatilihin at pahasayin ang mga kasalukuyang kumpol ng mga non-profit na naglilingkod sa lipunan, tulad ng mga nasa paligid ng bagong BC Children's Hospital Center for Health Complexity sa Kaslo at 21st.
- Galugarin ang mga pagkakataon upang muling italaga ang espasyo sa kalsada para sa mga bagong plaza at pampublikong espasyong madaling gamitin sa mga tao upang suportahan ang pagtitipon, pakikisalamuha, pagpapahinga at mga kaganapan sa mga puso ng komunidad.

### Mga Opsyon sa Pabahay ng 22nd Avenue Village:



### Renfrew Park Community Centre

Ang pag-renew at pagpapalawak ng Renfrew Park Community Centre ay isang tinukoy na priyoridad ng plano.

Ang mga pagsisikap sa pag-renew sa hinaharap ay dapat na suportahan sa pamamagitan ng mga proseso ng pagpopondo sa buong lungsod at iba pang pinagmumulan ng pagpopondo. Ang pondong ito ay hindi pa natukoy at ang isang timeline para sa pag-renew at pagpapalawak ay hindi pa nakatakda. Ang Lungsod ay patuloy na gumagawa tungo sa isang buong lungsod na pamamaraan para sa pagpopondo sa mga proyektong pang-imprastruktura ng komunidad.



# Kulang na Gitna kasama ang Mga Multiplex na Lugar

Pagdaragdag ng mga bagong opsyon sa pabahay sa buong Lugar ng Plano

Mayroon ding mga pagkakataon para sa mga bagong pabahay para sa mga ari-arian sa labas ng Mga Lugar ng Istasyon at Mga Nayon.

Kasama sa nawawalang middle housing ang mga mababang apartment (6 na palapag para sa pagrenta at 4 na palapag para sa strata), townhouse at multiplex:

Ang mga nawawalang opsyon sa gitnang pabahay ay papayagan sa loob ng maigsing distansya ng Mga Lugar ng Istasyon, at Mga Nayon.

Lumilikha ito ng higit pang mga pagkakataon para sa mga tao na manirahan sa loob ng maigsing distansya ng mga tindahan, serbisyo, amenidad at transit.

Magpakilala ng Patakaran sa Solar Access upang limitahan ang mga taas ng gusali na malapit sa mga parke at bakuran ng pampublikong paaralan upang mabawasan ang mga epekto ng pagtatanging at pagbutihin ang access sa sikat ng araw.

Kasalukuyang pinapayagan ang mga multiplex sa lahat ng lugar ng lungsod.

Ang mga lugar na ito ay bahagyang mas malayo sa mga amenidad na ibinigay sa Mga Lugar ng Istasyon at Mga Nayon. Para protektahan ang mga pampublikong pananaw sa North Shore at mga sensitibong lugar, mananatiling multiplex ang ilang site na malapit sa mga amenidad.



## Missing Middle Housing Types:






# Balangkas na Pampublikong Realm na Framework

Lumilikha ng mga masisiglang lugar para sa pampublikong buhay

Tinukoy ng Draft na Pampublikong Realm na Framework ang mga oportunidad upang palakasin ang mga koneksyon sa paglalakad at pagbibisikleta papunta at sa pamamagitan ng kapitbahayan, pagbutihin ang kaligtasan, dagdagan ang access sa kalikasan, at magbigay ng mga lugar upang magtipon-tipon, at ma-access ang mga lokal na amenidad.



Ang **“Greenways”** ay mataas na kalidad na pasilyo ng paglalakad, paggulong at pagbibisikleta na idinisenyo para sa mga tao sa lahat ng edad at kakayahan. Dapat silang mag-ambag sa isang mas masigla at napapanatiling pampublikong larangang pamamagitan ng pagpapahusay sa kalye para sa aktibong transportasyon, paggawa ng lugar at ekolohiya. Ang mga Greenway ay nakararami sa mga lokal na kalye at kasama ang mga ruta na dating tinutukoy bilang ‘mga lokal na daanan para sa bisikleta’. Ang Greenways ay kukuha ng iba’t ibang anyo depende sa kontekstwal na konsiderasyon ng unit sa paglipas ng panahon ang layunin ay ang mga ito ay lalong maging car free kung posible.

Ang **“Mga Kumpletong Kalye”** ay tumutukoy sa isang holistic na pamamaraan sa disenyo ng kalye na isinasaalang-alang ang interplay sa pagitan ng paggamit ng lupa, transportasyon, disenyong pang-urban at pampublikong espasyo. Ang pamamaraang ito sa disenyo ay tumutugon sa lokal na konteksto, at pagkakakonekta at pagiging maaasahan ng mas malawak na network ng transportasyon. Isinasaalang-alang ng mga kumpletong kalye ang mga pangangailangan ng mga tao sa lahat ng edad at kakayahan, para sa lahat ng paraan ng paglalakbay. Ang ligtas at komportableng pag-access para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, at gumagamit ng transit ay hindi isang nahuling pag-iisip ngunit isang mahalagang prinsipyo sa pagpapalano.

Ang **“Blue green system”** ay mga network ng mga konektadong parang-parke na mga kalye na namamahala sa tubig at lupa sa paraang inspirado ng kalikasan at idinisenyo upang gayahin ang mga likas na paggana at sumusuporta sa mga ecosystem.

Lumilikha ang mga **“ekolohikal na koridor”** ng isang network ng mga natural na espasyo, na sumusuporta sa tirahan para sa mga ibon at wildlife.

**“Aktibong kaharapan”**: mga gusali na may oportunidad para samagatindahan at serbisyo. Itong espasyo ay pwedeng pasukin mula sa kalye at maring may kasamang patios, displays, at proteksyon sa ulan at hangin.

### Legend

- Potensyal na aktibong kaharapan
- Kasalukuyang espasyong pampubliko
- Iminungkahing pampublikong espasyo
- Istasyon ng SkyTrain
- Kasalukuyang daanang para sa bisikleta at pedestrian
- Iminungkahing kalye na completo
- Darating na daanang para sa pedestrians at bisikleta “greenway”
- Blue-green system
- Blue-green system daanang “greenway”
- Kasalukuyang traffic signal
- Iminungkahing traffic signal
- Kasalukuyang pagtatawid ng tren
- Iminungkahing pagtatawid ng tren
- Kasalukuyang koneksyon sa gitna ng daanan
- Iminungkahing koneksyon sa gitna ng daanan
- Iminungkahing koneksyon sa gitna ng daanan
- Realignment ng kalsada
- Espasyo para sa ekolohiya
- Mga lugar sa Still Sapa/Ilat na pagpapabutihan